

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH
HOSTED BY PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO
June 6, 2022 (11:00 A.M. – 12:08 P.M.)

USEC. IGNACIO: Magandang umaga po sa lahat ng mga Pilipino saanmang panig ng daigdig. Ngayong araw po ng Lunes, ika-6 ng Hunyo, atin pong aalamin ang update sa Sorsogon province sa nangyaring pagputok ng Mt. Bulusan kahapon lamang. Papakinggan din natin ang mga iminumungkahing hakbang upang mapaunlad pa ang ekonomiya. At pag-uusapan din natin ang iba pang isyung pangkalusugang kaugnay pa rin po ng pandemya. Ako po si Usec. Rocky Ignacio, at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Lingga ng umaga ay niyanig po ng pagputok ng Mt. Bulusan ang buong probinsiya ng Sorsogon. At upang bigyan tayo ng mga karagdagang impormasyon tungkol diyan, makakausap po natin si Undersecretary Renato Solidum mula po sa Phivolcs-DOST. Magandang umaga po, Usec. Solidum.

DOST USEC. SOLIDUM: Magandang umaga, Usec. Rocky, at sa lahat po ng ating tagasubabay.

USEC. IGNACIO: Opo. Usec., kahapon nga po ay nangyari itong phreatic eruption ng Mt. Bulusan. Maaari ninyo po bang ipaliwanag kung ano po ang ibig sabihin nitong phreatic eruption? At ano po ang nangyayari kapag may ganitong eruption?

DOST USEC. SOLIDUM: Ang phreatic po ay sanhi ng pagpapakulo ng tubig sa loob ng bulkan. At ang usok ay nagkakaroon ng pressure either mabara siya o 'di kaya ay biglang mabilis ang pagpapakulo, at iyan po ang sanhi ng pagsabog. Mababaw lang ang pinanggalingan ng pagsabog. Kakaiba ito sa iba pang pagsabog ng mga ibang bulkan na kung saan magma o tunaw na bato ang umaabot sa ibabaw.

Kapag phreatic eruption, ito ay steam-driven eruption, ang materyales na inilalabas ay lumang material, mga abo na nasa crater na lang at ito ang iniitsa palabas. So wala pong bagong material at kadalasan ang nakikita po nating epekto nito ay mga pagbagsak ng abo. At siyempre kapag maraming abo ang nadeposito sa dalisdis o slope ng isang bulkan, kapag umulan ay nagging lahar ito.

USEC. IGNACIO: Opo. Usec., ulitin lang natin: Ano raw po ang dahilan bakit nangyari itong phreatic eruption ng Mt. Bulusan?

DOST USEC. SOLIDUM: Dito po kasi sa Bulusan, mainit ang bato sa ilalim nito. At ang mga tubig-ulang pumapasok doon sa loob ng bulkan ay napapakuluan. Lahat po ng mga bulkan ay may nangyayaring ganiyan at ang manapestasyon ng pagpapakulo ng tubig ay iyong steaming o usok na pinapakita natin dito sa video.

Pero iyong steam o usok kapag nabara o nagkaroon ng mataas ng pressure sa loob, iyan po ang nagging sanhi ng pagsabog. So napakabilis ang mga pangyayari, minsan wala pang mga signal ang mga phreatic eruption kaya marapat na talagang dapat binabantayan at hindi pumapasok ang mga kababayan natin o mga bisita sa loob ng permanent danger zone. Sa

Bulusan, ito ay apat na kilometro sa kadahilanan ang mga phreatic eruption ay puwedeng mangyari biglaan at delikado kapag ang mga tao ay nasa loob ng permanent danger zone.

USEC. IGNACIO: Opo. Usec., nabanggit mo nga wala itong mga senyales, pero kahit warning signs po, mayroon po bang nakita ang Phivolcs in the past few days? At kung mayroon, kailan po unang nakapansin ang Phivolcs ng any abnormalities sa Mt. Bulusan?

DOST USEC. SOLIDUM: Sa mga nakaraang araw po ay wala pong masyadong mga tinatawag na volcanic earthquakes kung hindi during the day 'no, within the 24 hours period na nagkaroon ng pagsabog ay mayroong maliliit. Minsan o kadalasan, ang mga ganitong mga senyales ay wala pong nangyayari. Ibig sabihin, mayroon pagpapakulo at kapag hindi nabara ay talagang lulusot lang ang usok.

So importante po na sa lahat po ng bulkan ay puwedeng mangyari ang mga phreatic eruption kaya mahigpit po nating pinapaalala na kahit wala pong makita ang ating mga kababayan sa ibabaw ng bulkan ay minsan sa loob po ay kumukulo ang tubig at biglang sasabog.

USEC. IGNACIO: Opo. Pero, Usec., ano raw po iyong pinagkaiba nitong nangyaring pagputok ng Mt. Bulusan kahapon kumpara po dito sa nangyaring pagputok ng Mt. Bulusan noong taong 2017?

DOST USEC. SOLIDUM: Kapareho lang po sila 'no noong 2017; phreatic eruption din iyan. At para lang sa kaalaman ng ating mga kababayan, magmula po noong binantayan ng Phivolcs ang Bulkang Bulusan ay puro phreatic eruption po ang nangyayari. Ibig sabihin, walang magma o lava na lumalabas sa bulkan. Nangyari po ang huling episode na kung saan mayroong magma o lava na lumabas ay noong early 1900 pa na mas delikado po kapag ganoon po ang nangyari na may lumalabas na magma. Puwede pong isambulat ito nang malakas o 'di kaya ay magkaroon ng lava na dahan-dahan at masusunog ang mga kahoy sa dalisdis ng bulkan.

USEC. IGNACIO: Opo. Ilang paglindol na po ulit, Usec., ang naitala bago sa pagputok nitong Mt. Bulusan? At gaano po kalakas daw po itong mga lindol na ito?

DOST USEC. SOLIDUM: Ang mga lindol na nasusukat natin sa Bulusan ay napakaliit. Hindi po ito mararamdaman ng tao, at iyong iba rito ay parang noise ang tingin 'no. So mayroon tayong pitumpu't pitong maliliit na earthquake during that day na nagkaroon ng activity ang Bulusan. Pagkatapos po nit ay mayroon pa ring mga paglindol na nasusukat, ito po'y maliliit, mga 29 po since yesterday up to today.

USEC. IGNACIO: Opo. Gaano naman daw po kalayo from Mt. Bulusan itong inabot ng ashfall na sanhi ng pagputok? Ano raw pong mga barangay o lugar sa Sorsogon ang naabot po nitong ashfall na ito?

DOST USEC. SOLIDUM: Ang inabot ng pagbagsak ng abo ay sa ilang barangay ng bayan ng Juban, which is it might be around eight or ten kilometers away from the crater. At may mga mangilang-ngilang mga barangay ng Irosin at perhaps sa upper slope ng Casiguran na mayroong trace ng abo na bumagsak. At ang pinakamakapal na pagbagsak ng abo ay dito sa bayan ng Juban na umabot ng dalawang milimetro.

USEC. IGNACIO: Opo. Sa ngayon po ay nasa Alert Level 1 status ang Mt. Bulusan. Maaari po ba itong tumaas base sa inyong pagmo-monitor sa Mt. Bulusan? At may posibilidad po bang masundan itong pagsabog ng bulkan, Usec.?

DOST USEC. SOLIDUM: Posibleng magkaroon pa ng mga pagsabog na kahalintulad nang kahapon na phreatic or steam-driven explosion diyan sa Bulusan. Sa mga nakaraang eruptions, minsan ang pagitan ng mga pagsabog ay araw, linggo, minsan ay buwan. So dapat dito ay maging masunurin tayo sa mga pinagbabawal na permanent danger zone.

Hindi po natin nakikita na magtataas tayo ng alerto, from Alert Level 1 to 2, sa kadahilanang kapag nagsabi na tayo na Alert Level 2, mayroon ng magma na involved sa activity ng bulkan, either may papaakyat na magma o iyong gas galing sa magma ay nagdudulot ng pag-init ng tubig.

Ang ating measurement po ng sulfur dioxide gas na isang batayan para masabi natin na mayroon ng magma na involved ay masyadong mababa o hindi ma-detect. So wala pong evidence sa gas; wala rin pong evidence sa pamamagitan ng mga lindol na nangyayari. Mayroon pong ibang tipo o signature ang magma kapag ito ay kumikilos.

Pangatlo, kung talagang may magma na aakyat, dapat mamaga ang buong bulkan, mula sa ilalim hanggang sa taas. At ito po ay delikado kung talagang may bagong magma. Wala pa po tayong nakikitang ganoon, imbes ang nakikita po natin ay hydrothermal activity, pagpapakulo ng tubig.

Diyan po sa larawan ay makikita ninyo na maraming usok ang lumalabas, maputi, doon sa tuktok at sa isang gilid, sa northwest slopes ng Bulkang Bulusan. Iyong usok diyan sa northwest slope ay hindi napansin before except yesterday 'no, for this year. Ngayong taon, hindi iyan umuuusok diyan. So bakit mayroong ganoong usok sa northwest slope? Ibig sabihin, mas aktibo ang pagpapakulo ng tubig sa kasalukuyan diyan sa ilalim ng bulkan. Kaya kailangang pag-ingatan at baka magkaroon pa ng pagsabog.

USEC. IGNACIO: Opo. Tanong po mula kay Mela Lesmoras ng PTV: For proper context daw po, paano ninyo raw po ikukumpara itong naging pagputok ng Bulkang Taal kamakailan sa pagputok ngayon ng Bulkang Bulusan? Bakit raw po Alert Level 2 ang itinaas noon sa Taal, habang Alert Level 1 lang ang ilan sa Bulusan, although may nabanggit na nga po kayo, Usec., tungkol dito?

DOST USEC. SOLIDUM: Tama kayo, Usec. Rocky. Ang kaibahan po sa Taal, tama po kayo na naunang nagkaroon din ng phreatic or steam-driven explosion sa Taal noong January 2020. Kaya lang, pagkatapos ng pagsabog na iyon, biglang umakyat ang magma mula sa mga malalim na parte, at ito ay nakita natin sa pamamagitan ng pamamaga nang biglaan at pagkakaroon ng mga tuluy-tuloy na mga paglindol kaya itinaas natin ito sa Alert Level 2 kaagad-agad. Ito po ay hindi natin nakikita sa Bulkang Bulusan. So may magma na kasama sa eruption sa Taal, itong sa Bulusan ay wala pa po.

USEC. IGNACIO: Opo. Tanong naman po ni Ivan Mayrina ng GMA News: May banta daw po ba ng lahar flow sa paligid ng Bulkang Bulusan lalo't tag-ulang ngayon, aling mga lugar daw po kaya ang maaaring madaanan nito?

DOST USEC. SOLIDUM: Posible pong magkaroon ng lahar kapag nga mayroon pong malakas at tuluy-tuloy na pag-ulang diyan sa northwest side ng Bulkang Bulusan kasi nandoon iyong mga abo na idineposito sa mga ilog na dumadaloy mula sa bulkan papunta doon sa bayan ng Juban.

USEC. IGNACIO: Opo. Dagdag pa rin pong tanong ni Ivan Mayrina ng GMA News: May 66 families daw po ang nananatili sa Permanent Danger Zone ng Bulkang Bulusan, ano daw po ang rekomendasyon ng PHIVOLCS kaugnay nito?

DOST USEC. SOLIDUM: Kapag ang pinag-uusapan po natin ay Permanent Danger Zone, nandiyan po parati ang peligro sa kanilang mga buhay. Kaya nga ang Permanent Danger Zone po ay no permanent settlement o wala po pong bahay dapat sa loob kaya dapat po sila ay ma-relocate ng mga local government.

Ang sentro naman ng mga barangay ay wala sa loob ng Permanent Danger Zone pero baka mayroong mga bahay na naitayo diyan sa loob at ito ay kailangang mai-relocate.

USEC. IGNACIO: Opo. Nabanggit ninyo nga po na talagang dapat i-monitor pa rin po itong aktibidad sa Mt. Bulusan, pero may posibilidad din po bang dagdagan o i-extend pa iyong danger zone sa paligid ng Mt. Bulusan?

DOST USEC. SOLIDUM: Dalawang klase ang ating mga danger zone: Una, iyong Permanent Danger Zone. Ito po ay fixed na apat na kilometro na Permanent Danger Zone. Pero dahil po alam namin na mayroong mga bitak doon sa southeast slope, na nakaharap sa bayan ng Irosin, na puwedeng pagmulan ng paglabas ng usok at abo [*technical problem*] nagdagdag tayo ng dalawang kilometro, ang tawag natin ay Extended Danger Zone. So, [a] total [of] six kilometers sa southeast.

Kung sakali namang magtaas pa tayo ng alerto, magdadagdag pa tayo ng mga areas [na] recommended for evacuation kung nararapat. At ito, ang basehan ay mga hazard maps na mayroon po tayo na makikita rin nila sa ating website at sa tinatawag nating HazardHunterPH application.

USEC. IGNACIO: Opo. Usec., tanong naman po ni Maricel Halili ng TV5: Kailangan na po bang mag-evacuate ng mga residente sa paligid ng bulkan, like iyong nasa bayan ng Juban [na] kahit nasa labas ng Permanent Danger Zone?

DOST USEC. SOLIDUM: Wala po kaming recommendation for evacuation. Pero ang local government ay puwedeng magkaroon ng temporary evacuation kung sakaling magkaroon ng mga pagbagsak ng abo at ito ay makapal at nahihirapan ang ilang mga kababayan natin kung ang kanilang bahay ay hindi masyadong sarado at napapasok ng mga abo.

So, kung makapal talaga ang pagbagsak ng abo, puwede muna silang magkaroon ng temporary evacuation until maging klaro na at tumigil na iyong activity at nalinis na ang mga lugar.

USEC. IGNACIO: Opo. Dagdag pang tanong ni Mela Lesmoras ng PTV: May mga naiulat daw po na hikers sa Bulusan noong pumutok ito; sa Taal po noon, may mga turista ring naabutan ng pagsabog. Dahil sa mga insidenteng ito, napapanahon daw po

ba para ipatupad ang total ban sa mga hikers at tourists sa mga active volcanoes sa bansa may alerto man po o wala?

DOST USEC. SOLIDUM: Ang kailangan pong maintindihan ng lahat na kahit po Alert Level Zero ay puwedeng magkaroon ng phreatic eruption at nilalagay po natin ang ating buhay sa peligro kung sakaling tayo ay pupunta. Itong pagpapatupad kung anong gagawin sa mga summit o tuktok ng bulkan ay kailangang pag-usapan nang mabuti with the local government.

Mas maganda kung mayroon silang safe distance at hindi sila mismo doon sa mga crater na talagang posibleng pagsabugan ng mga bulkan na puwedeng hindi lang abo, [kung hindi] bato ang lumabas. So, dapat pong magkaroon ng pag-iingat na hindi [sila] mismo pumapasok sa crater ng mga aktibong bulkan.

USEC. IGNACIO: Opo. Maliban daw po dito sa Mt. Bulusan ay marami pang ibang bulkan na mino-monitor ang PHIVOLCS. Kumusta naman daw po iyong sitwasyon ng iba pang mga bulkan sa ating bansa?

DOST USEC. SOLIDUM: Ang iba pang bulkan na nasa alerto ay ito pong Kanlaon Volcano sa Negros Island na nasa Alert Level 1. Wala pa namang escalation ng kaniyang activity, pero inuulit natin na kapareho ng Bulusan ay puwedeng magkaroon ng biglaang pagsabog; Apat na kilometro rin ang kaniyang Permanent Danger Zone.

Sa Taal Volcano, ang magma ay nasa ibabaw na. Sa kasalukuyan, walang escalation of activity pero puwede ring magkaroon ng paglabas ng gas na nagpapatuloy at puwedeng magdulot ng mga pagsabog. So, hindi rin pupuwede na pumunta sa Volcano Island na Permanent Danger Zone.

USEC. IGNACIO: Opo. Usec. Solidum, kuhanin ko na lamang po iyong inyong mensahe at paalala para sa ating mga kababayan. Go ahead po.

DOST USEC. SOLIDUM: Sa atin pong mga kababayan na nasa paligid ng mga bulkan, kapag ang bulkan ay nagagalit o nagkakaroon ng pagsabog, ang pinakadepensa po natin para hindi po tayo maapektuhan ay distansiya.

Kaya mayroon po tayong mga Permanent Danger Zone na ipinatutupad [ay para] kahit magkaroon ng biglaang pagsabog tulad ng phreatic eruption, hindi po tayo maaapektuhan at may sapat tayong distansiya at oras kung sakaling magkaroon ng escalation ng activity ay puwede tayong lumikas sa mas ligtas na lugar.

Importante din po na kahit mahina po ang eruption, ang paglanghap ng abo na pino at hindi kaya ay ng gas na sulfur dioxide gas ay nakakasagabal sa ating respiratory system at delikado po sa ating kalusugan.

Kaya kapag tayo ay nasa paligid ng bulkan o pumupunta tayo sa malapit, kailangang mayroon tayong ready na mask na N95 na isusuot kapag biglang may mga pagbagsak ng abo.

Sa atin namang mga kababayan na nasa mga ilog sa palibot ng mga bulkan, kapag mayroong pagbagsak ng abo at sumunod ang isang malakas na ulan ay posibleng magka-lahar, kaya dapat nating alamin [kung] tayo ba ay tatamaan ng mga ganitong mga panganib.

Tingnan po nila sa HazardHunterPH na ginawa ng DOST, kung ang kanilang lugar ay puwedeng tamaan ng mga volcanic hazards. At kung sila ay interesado na maghanda para sa iba't ibang mga panganib, nandoon din po, upang malaman nila kung sila ba ay nasa delikado o hindi kaya ay [nasa] ligtas na lugar. Ang kaalaman po na tama, kaalaman kung saan ang delikado at ligtas ay makakatulong po sa ating kahandaan.

USEC. IGNACIO: Okay. Kami po ay nagpapasalamat sa inyong paglalaan ng oras sa amin ngayong araw, Undersecretary Renato Solidum. Mabuhay po kayo!

DOST USEC. SOLIDUM: Maraming salamat din.

USEC. IGNACIO: Kaugnay pa rin po sa nangyaring phreatic eruption ng Bulkang Bulusan, alamin natin ang sitwasyon ng ating mga kababayan doon mula sa aming kasamang si Allan Francisco. Allan?

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Okay. Maraming salamat sa iyong report, Allan Francisco. Mag-iingat kayo diyan, Allan.

Samantala, inilagay ng Center for Diseases Control and Prevention o CDC ang Pilipinas sa ilalim ng lowest travel risk classification.

At kaugnay niyan ay makakasama po natin ngayon ang Presidential Adviser for Entrepreneurship na si Secretary Joey Concepcion para po sa kaniyang mungkahing i-lift ang state of public health emergency sa bansa. Good morning po, Secretary Joey. Magandang umaga po, Sir Joey.

Okay. Babalikan po natin si Secretary Joey Concepcion.

Samantala, mga batas na nakasentro sa mga serbisyon maghahatid ng komportableng buhay at sa ikabubuti ng mga Pilipino, isusulong ni Senator Bong Go sa 19th Congress. Ang detalye sa report na ito:

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Malaki ang itinaas ng ranking ng Pilipinas pagdating sa COVID-19 recovery, ito po ay batay sa pag-aaral na ginawa ng Nikkei Asia.

Mula po sa ikalimampu't pitong puwesto noong December ay nasa ikatatlumpu't tatlong puwesto na po ang ating bansa batay sa pinakahuling ulat ng Tokyo-based news magazine.

Naungusan na ng Pilipinas ang mahigit walumpung mga bansa gaya po ng Switzerland, Israel, Japan, UK, Canada, Singapore, at United States.

Ayon po sa Nikkei, nakapagtala ang Pilipinas ng best performances sa pagpapanatili ng mababang infection rate habang nagluluwag sa restrictions.

Ayon po sa Department of Health, ipinakita nito ang tuluy-tuloy na pagbaba ng COVID-19 cases sa Pilipinas at no confirmed deaths sa mga nakalipas na linggo.

Paliwanag po ni Health Secretary Francisco Duque III, dahil ito sa prevent, detect, isolate, treat, and reintegrate strategy ng DOH at pagsunod ng mga Pilipino sa Bida Campaign gaya ng pagsusuot ng mask, pagbabakuna, at pagpapa-booster.

Kinilala rin po ni Sec. Duque ang kapasidad ng Research Institute for Tropical Medicine at Philippine Genome Center sa pag-detect, at pag-report, at pag-isolate sa mga kaso ng bagong subvariants gaya po ng Omicron BA.2.12.1, BA.2 at iba pa at BA.5 sa bansa.

Samantala, balikan na po natin si Presidential Adviser for Entrepreneurship na si Secretary Joey Concepcion. Good morning, Sec. Joey.

SEC. JOEY CONCEPCION: Good morning, Usec. Rocky.

USEC. IGNACIO: Opo. Sir, Joey, iminumungkahi po ninyo na tanggalin o i-lift na ang state of public health emergency sa ating bansa. Ano daw po ang dahilan at bakit nais niyo pong maalis na ito?

SEC. JOEY CONCEPCION: Well, matagal ko nang sinasabi na dapat pag-aralan natin ang eventually pagtanggal dito sa state of public health emergency na inilagay iyong bansa natin noong March 8, 2022. March 8, 2022 pala iyan.

So, ang sinasabi ko kasi nakikita nga natin ngayon, sinabi mo rin iyong Nikkei nagsasabi sa Pilipinas na talagang maganda ang kalagayan ng bansa natin in terms of health and dito sa CDC. Ang Pilipinas ngayon ay nasa Level 1 in terms of low risk. Hanggang Level 3 iyan at karamihan ng ibang bansa katulad ng mga European countries pati ang Canada ay nasa Level 3 na high risk pa rin and this was updated this May 31, 2022.

So, ang pananaw ko dito, hindi ko naman sinasabi na itong administration ni President Duterte na gawin nila ito. Kailangan we should start to discuss kasi the concern is that kapag tinanggal iyong public health emergency, iyong pagkukunan ng budget nila mga pagbibili ng bakuna at medisina ay baka mawala, ano.

Pero may mga paraan at dapat tingnan rin iyan kung paano natin puwedeng i-budget at least malalaman natin kung ano ang game plan kasama natin ang private sector. Kasi nakikita natin na ang ating utang ay tumataas at hindi naman siguro kaya ng government na lahat ng ito ay igastos nila.

So, eventually overtime part of this responsibility will be shared with us in the private sector pati iyong publiko who can afford to pay the vaccines. Katulad ng mga vaccines na para sa flu vaccine natin, pneumonia. Sa atin is tayo rin ang bumibili noon, iyong the public, not the government.

So, we want to lessen the burden and I think we're reaching that point na COVID is under control and ang mga kasu natin are muted and nakita ang hospital halos hindi naman overwhelmed, very low cases, there's some hospitals with one or two cases.

So, we have to start already planning on how we can transition and eventually move the state of public health emergency.

USEC. IGNACIO: Paano daw po ba nakakasagabal o nagiging hindrance itong state of public health emergency dito po sa tuluy-tuloy na paglago ng ating ekonomiya?

SEC. JOEY CONCEPCION: Well, alam naman natin what's happening to our country right now. We are seeing a high level of inflation dahil dito sa Ukraine-Russia crisis at kung tuluy-tuloy itong giyera dito sa Ukraine-Russia mas tataas iyong presyo ng commodities at talagang ang malaking tatamaan dito ay iyong mga consumers natin.

So, to even think of increasing Alert Level 1 beyond 1 will really be detrimental to the Philippine economy considering that we are incurring more debts because of this pandemic and of course, iyong expansion natin iyong mga Build, Build, Build Projects na tama naman dapat gawin iyan.

The country is borrowing more money and our debt, in fact, will continue to increase. Now, if the growth starts to slow down because of Ukraine-Russia crisis dahil sa very high prices, siyempre baka hindi kaya ng consumer natin, then you are at risk for a slowdown in the economy.

Now, we have to hit close to six to eight percent GDP to be able to sustain and pay our obligations 'no. Kaya ang pananaw ko rito is that we are forced, in a way, to keep the alert levels at one or which is technically, to my mind, zero.

So the state of public health emergency has one good use, [and that is] you can source the funds for all of these medicines and vaccines, etc., that are needed in the pandemic. But I think, we are moving away from this pandemic already. And the new variants that are incoming in, [the likes of] Omicron, are of course, more infectious pero it is still the same thing – it is mild 'no. I know a couple of people who are hit with this, and all you need to do is just stay home, in five days you are okay. And some people, they don't even test, after five days, they are free and clear or they take an antigen test and they go out of their homes.

So, I believe that we should start planning on what to do, whose role, what is the role of the Filipino citizen after this state of public emergency is lifted 'no. So we know, we have at least a short to medium-term plan 'no, the way I look at it 'no.

USEC. IGNACIO: Pero, Sir Joey, sinasabi po na ito raw pong alert level system ay ang nagsilbing safeguard para po maprotektahan o hindi na po magkaroon pa ng pagkalat ng COVID-19. Pero isa po sa iminumungkahi ninyo na nga po, tanggalin itong alert level sa ating bansa at payagan nga po na lang iyong pagsusuot ng face mask sa mga open spaces, so ano naman po ang nakikita ninyong dahilan at nakita ninyo na dapat ito po ay gawin? Imungkahi ninyo na po.

SEC. JOEY CONCEPCION: So itong alert level kasi natin was very useful when COVID was really very active and present here 'no, especially iyong Alpha, Beta at Delta. Pero dito sa Omicron, ang positive nitong variant na ito is that kung bakunado ka, most cases or even 99% of the cases are really mild.

So parang nagbigay rin sa atin iyong natural immunity 'no, in that sense. And maybe that is also one reason why a lot of people have that immunity despite our vaccination rates, especially in the boosters are quite low 'no. At nakikita natin, at sabi ni Usec. Rosette sa isang interview, talagang medyo matumal iyong mga booster shots natin despite iyong campaign natin 'no. Ang tingin ko dito, dapat tuloy iyong pagbabakuna ng mga tao natin, especially boosters, pero at a situation like this now, nakikita nila halos mababa iyong mga cases, so siyempre kampante itong mga citizens natin na I understand; sometimes you're confident that maganda na ang panahon, baka hindi na ako magbo-booster.

Then again, what I'm trying to say is that we have to plan 'no, eventually this state of public health emergency should be removed; it cannot be there forever. And the way I see it, the Philippines is in that spot that is ready for this removal. And alert levels need not rise beyond Alert Level 1 anymore, the way I see it, and we cannot afford to bring it up.

So, the call to our people is to continue to take the boosters. Now, iyong problema lang namin, dito sa private sector, may mga 60,000 kami na mag-i-expire, was extended in July, and we want these vaccines to be taken by our economic frontliners who are 50 years old and above. Pero ngayon, under the second booster shot, ang puwede lang kumuha dito ay iyong mga 60 years old and above, so that's another problem.

And what we want to do is that if eventually the public will buy their own vaccines, the vaccine manufacturers will have to apply for CPR 'no, so this is Certificate of Product Registration – importante iyon. Right now, we're under Emergency Use Authority 'no, in other words, the government guarantees the safety of [the vaccines], protects the pharmaceutical companies and, of course, the individual in case something happens. But that cannot go on forever 'no.

We've seen these vaccines very safe, so I think we should move and can say that eventually, these should be sold in the drug stores 'no. For the individuals who want to take the bakuna to buy it or the private sector. In our case, I hope we can buy it. So it's like having the government take off some of that burden especially as we see the country moving away from this pandemic.

USEC. IGNACIO: Pero, Secretary, naglabas po ng pahayag si Health Secretary Francisco Duque III na aniya po, hindi pa raw po panahon para tanggalin ng Pilipinas ang state of public health emergency kahit na nananatili raw pong mababa ang bilang ng mga kaso ng COVID-19 sa bansa, ano raw po ang masasabi ninyo rito?

SEC. JOEY CONCEPCION: Well, we're not saying naman bukas tanggalin ito 'no, I think, if not this administration, the next administration. We'll have to look into this. I don't think any other country there in Europe – here where I am right now – wala namang state of emergency dito 'no.

So understand that under the state of public health emergency, it allows us more flexibility in funding all of these vaccines and medicines, etc. And that is obviously something to look into, but there maybe other ways. So, but then again, if let's say a new variant comes back, another variant that is not only more transmissible but deadly, they can always bring back the alert levels 'no. You can reinstate it and bring it back.

But again, right now, the variants that are coming in are more transmissible but are still mild ‘no. So I think we should move on; other countries have been moving on already. And what I am proposing is something that is a shared responsibility, not just the government taking all of the expenses for this, but eventually passing it on to those who can afford.

Now, iyong mga hindi kayang bumili ng mga bakuna, mga medisina, then maybe that’s where the government will have to continue to support these people. Iyong mga private sector, iyong iba na may kaya, then maybe that responsibility can be passed on. So this is not to be done, I’m saying, maybe in the next weeks, but we have to start talking about it, we have to start planning. Anong strategy natin dito sa mga bakuna? Bibili tayo ng ganiyang karami or will we scale down? There are talks that the second booster, I was told, that it’s not as effective. But for my readings, it’s still effective.

So we have to have a better clarity here ‘no. And hopefully, there will be more flexibility especially in granting these second boosters to people above 50 years old.

USEC. IGNACIO: Sir Joey, sa pahayag naman po ni Health Undersecretary Rosario Vergeire, na kung aalisin daw po ang state of calamity, hindi na raw po magwo-work itong Emergency Use Authorization ng mga COVID-19 vaccines, ano raw po ang masasabi ninyo rito?

